# HANEP

Basahin Mo Ito!

ISSN:2546-0536

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.52 | Mayo 4-10, 2020 | P10.00


*Direktiba ni RD Danao...*

# KOORDINASYON SA LGUs NG CALABARZON COP SA EECQ

pahina 2



## PAULINE MENDOZA, 'DI NAKATIIS; BUMIGAY'

pahina 9

## SEAFOOD KADIWA ON WHEELS, HATID AY SARIWANG ISDA SA ABOT KAYANG HALAGA

p.4

Thank You SM!

pahina 7

## AGRIKULTURA SA LAGUNA LAYONG PALAKASIN MATAPOS ANG ECQ

p.5

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

*Direktiba ni RD Danao…*

# KOORDINASYON SA LGUs NG CALABARZON COP SA EECQ

**DAHIL kabilang ang Region 4A o CALABARZON na sumasakop sa mga lalawigan ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon sa Extended Enhanced Community Quarantine ay naglabas ng direktiba si Regional Police Office Director P/BG Vicente Danao, Jr. sa lahat ng chief of police (COP) nito.**

Inatasan ni Danao ang lahat ng COP na makipagkoordinasyon sa mga local government unit na kanilang nasasakupan hinggil sa wasto at epektibong implementasyon ng EEECQ.

Hangad ng opisyal na maipapatupad ang mga pangunahing alituntunin upang malabanan ang paglaganap ng coronavirus.

Kabilang dito ay ang social distancing at pagsusuot ng facemask.

Pinaaalalahanan din ang mga kinokonsiderang APOR o authorized person outside residence na tumalima sa mga pinatutupad na batas.

Kasabay na rin ang panawagan na kung maaari ay huwag hayaan sa paglabas ang mga may kapansanan, buntis, bata at matatanda dahil ang mga ito ang mas malapit sa banta ng Covid-19.

Nabatid na patuloy na magiging istrikto ang lahat ng quarantine checkpoints.

"Lahat tayo ay nais matapos na ang epidemyang ito kaya huwag tayong maging pasaway sa halip ay magkaisa at magtulungan," pahayag ni Gen. Danao. **RS**

## Lungsod ng Antipolo may bagong PCR machine at test kits

**LUNGSOD NG ANTIPOLO, Rizal (PIA)**-- Inanunsyo ni Antipolo City Mayor Andrea Ynares na kasabay ng delivery ng karagdagang test kit ang bagong Polymerase Chain Reaction machine.

"Hindi na natin kailangan mag hatid ng specimen at mag antay ng mahigit isang linggo sa RITM at Lung Center para malaman ang resulta ng ating mga PCR test kits," ayon sa alkalde.

Dagdag ni Mayor Ynares na dahil libre at walang bayad, mahaba ang pila at matagal bago makuha ang resulta sa mga nasabing public hospitals. Mayroon umanong mga pagkakatong yumao na ang pasyente pero hindi pa lumalabas ang resulta ng tests.

Kaya naman bago dumating ang sariling kagamitan ay nakipag-kontrata ang pamahalaang panlungsod sa mga pribadong ospitals na may bayad tulad ng The Medical City sa Pasig, Chinese General Hospital sa Manila at Detoxicare sa Mandaluyong.

Sa pamamagitan ng bagong PCR machine ay mapapabilis ang pagtukoy sa COVID-positive cases at makakagawa ng karampatang aksyon tulad ng contract tracing, detection, isolation at treatment sa mga ito.

Dagdag pa ni Mayor Ynares na tulad ng pagbubukas ng libreng crematorium services sa 13 na bayan sa Rizal, bukas rin ang Lungsod para sa paggamit ng PCR machine sa lahat ng mga karatig-bayan sa lalawigan.

" Dalhin niyo lang ang specimen collected mula sa inyong bayan sa aming designated DOH accredited laboratory. Kayang-kaya basta sama-sama!," aniya. **(PIA Rizal may ulat mula sa Jun-Andeng Ynares Facebook Page)**

## Midwives, frontliners din sa gitna ng ECQ

**LUNGSOD PASIG (PIA) --** Patuloy ang pagbibigay serbisyo medikal ng mga midwives sa gitna ng ipinapatupad na enhanced community quarantine o ECQ sa Metro Manila.

Tuon ang mga midwives sa paghahatid serbisyo na may kinalaman sa pagpa plano ng pamilya sa kabila ng dinaranas na COVID-19 pandemic.

Kamakailan, nanawagan ang Department of Health sa mga mag-asawa na mag practice ng family planning upang makaiwas sa hindi planadong pagbubuntis.

Para sa mga katanungan ukol sa family planning, maaaring makipag-ugnayan sa Commission on Population (POPCOM) NCR sa pamamagitan ng kanilang Facebook page (Commission on Population and Development NCR), mag email sa ncrpopcom@yahoo.com o bisitahin ang kanilang website http://ncr.popcom.gov.ph/. **(POPCOM NCR/PIA-NCR)**

## Hindi na tayo babalik sa dati

**NAKIKIISA** ako sa mga Pilipinong manggagawa at sa lahat ng mga manggagawa sa buong mundo ngayong Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Iba ang pagkilos ngayong taon dahil sa COVID-19 pandemic pero hindi nito binago o pinahina ang ating panawagan para sa proteksyon, karapatan, at kapakanan ng mga manggagawa. Imbes, pinalakas pa nga!

Mensahe ni Senator Risa Hontiveros sa katatapos na paggunita ng Labor Day nitong Mayo 1.

Sa panahon ng krisis na kinakaharap natin, nakita natin na ang mga manggagawa ang siyang mga frontliners. Sila ang mga nars, doktor, at health workers at kahit mga non-medical staff kagaya ng mga janitor na nagpapagaling satin. Sila ang mga factory workers, food and goods delivery drivers, sila ate't kuya sa grocery na kinakailangan natin. Sila ang mga mararangal na kawani ng gobyerno na patuloy na pumapasok para makapagserbisyo.

Ngayon, hindi na dapat tayo makarinig ng "low-skilled" o "non-essential" worker. Naipakita sa buong mundo na sa panahon ng krisis, ang lahat ay nakaasa sa sakripisyo, sipag, at galing ng mga manggagawa. We cannot go back to the way it was: heinous working conditions, contractualization, no living wage. Right now, more than ever, workers are essential.

Hindi tayo babalik sa dati. COVID-19 highlighted the failure of a system that is oppressive to workers, that prioritizes profit over human welfare. We cannot go back to that system. Simula ngayon, tayo ay dapat nagpapanday ng isang sistemang may pagrespeto sa kapakanan, karapatan at kagalingan ng mga manggagawa. There is a new normal and this should include better working conditions and the full protection of all workers.

Sa pagpanday ng bagong sistemang makatao para sa mga manggagawa at sa lahat, makakaasa kayong kasama ninyo ako.

Uring manggagawa, hukbong mapagpalaya! **PR**

## Mahigit 3,000 pamilya nakinabang sa 'Adopt- A- Family Program' ng BPPO

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)** -Mahigit sa 3,000 mahihirap na pamilyang Batangueno ang nakinabang sa "Adopt-A-Family Program" ng Batangas Police Provincial Office (BPPO).

Ang naturang programa na tinaguriang "Kapwa Ko, Sagot Ko" ay layong maipakita na sa kabila ng pagkakaroon ng otoridad sa pagpapatupad ng batas, naroon ang kakayahan ng bawat kapulisan na tumulong sa mga nangangailangan.

Sinabi ni Hazel Luma-ang Suarez, Public Information Officer ng BPPO na bawat isang pulis ay binigyan ng pagkakataon na makatulong sa mga pamilyang nais nilang bigyan ng tulong sa panahon na ipinatutupad ang Enhanced Community Quarantine.

"Bawat isang pulis ay binibigyan ng pagkakataon na makatulong sa sinumang pamilya na maituturing na 'poorest of the poor' at walang kakayahan na makabili ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, gamot, gatas at iba pa," ani Suarez.

Ito rin ay pagpapakita na sa kabila ng pagganap sa kanilang tungkulin, patuloy din ang kanilang pakikipagkapwa-tao, ayon pa sa kanya.

"Isang pamamaraan din ito upang ibalik at patatagin ang tiwala ng mga tao sa kapulisan na ang mga ito ay maaaring maasahan hindi lamang sa pagseguro sa kaligtasan kundi maging sa panahon ng kagipitan. Ang tulong na ibibigay ng bawat isang pulis ay mula sa kanilang sariling bulsa," pagtatapos ni Suarez.

Sa tala ng BPPO-Police Community Relations, may 3,128 na mahihirap na pamilya ang nakinabang sa naturang programa hanggang ngayong araw at inaasahang tataas pa ito dahil patuloy ang pagtulong na ginagawa ng lahat ng kapulisan. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas)**

## Overseas voter registration in PH suspended till June

**MANILA** – The Commission on Elections (Comelec) on Wednesday has extended the suspension of overseas voter registration in the country until the end of June.

In a statement, Commissioner Rowena Guanzon, commissioner-in-charge of the Office for Overseas Voting (OFOV), said the decision to extend the suspension for another two months was due to the enhanced community quarantine (ECQ), which was extended until May 15.

"In view of the extension of the Enhanced Community Quarantine (ECQ), the suspension of overseas registration in the local field registration centers and in the OFOV extended from April 30, 2020 to June 30, 2020," she said.

Guanzon added that the hearing for the first Resident Election Registration Board (RERB) for applications for registration as overseas voters has been moved.

"The RERB hearing set on July 20, 2020 shall cover applications for the first and second quarters (December 16, 2019-June 30, 2020). The said postponement and extension, however, are still subject to earlier termination or extension as conditions so warrant," she said.

Last April 25, the Comelec has extended, for the third time the suspension of local voter registration nationwide until June 30.

Comelec executive director Bartolome Sinocruz Jr. said the extension was approved in connection with the government's decision extending the ECQ until mid-May.

As early as March 9, all Comelec offices in all cities and municipalities nationwide were directed to suspend voter registration until March 31. On March 27, the Comelec resolved to reschedule the lifting of the suspension from March 31 to April 30. **(PNA)**

## MMDA, patuloy ang pangangalaga sa mga frontliners, enforcers

**PASIG CITY (PIA) –** Patuloy pangangalaga ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) sa kanilang mga kawani na tumutupad ng kani-kaniang tungkulin bilang mga frontliners at enforcers.

Ibinahagi ito ni MMDA Spokesperson Assistant Secretary Celine Pialago sa programang Public Briefing Laging Handa, ibinahagi ni Pialago kay Presidential Communications Operations Office (PCOO) Secretary Martin Andanar at Undersecretary Rocky Ignacio noong Huwebes, April 30.

Ayon kay Piolago, regular ang kanilang isinasagawang temperature check sa mga frontliners at enforcers sa ground. Aniya, binibigyan din sila ng mga vitamins at alcohol.

Dagdag pa niya na may medical at quarantine facility ang MMDA para sa mga empleyado nito. At patuloy ang kanilang pag disinfect sa kanilang mga sasakyan at facilities. **(MMDA/PIA-NCR)**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Barangay

**PAGKADEKLARA** pa lamang ni Pangulong Rodrigo Duterte ng unang Luzon-wide enhanced community quarantine ay isa sa kanyang mga nabanggit ay ang mga barangay.

Binibigyan ng pangulo ng mabigat na responsibilidad ang bawat barangay bunsod sa banta ng COVID-19.

Natatandaan pa ninyo siguro ang kanyang pahayag na hindi karapat-dapat ang isang tserman o kapitan at maging ang iba pang opisyal ng barangay kung matatakot lamang sa COVID-19 at hindi kikilos.

Tumalima naman ang mga barangay at kung mayroon mang hindi ay mangilan-ngilan lamang batay sa mga nakikita sa post sa social media.

Ang bawat barangay ay mayroong talaan ng kanilang mga residente.

Hindi maikakaila lalo na iyong mga registered voter/s ng bawat barangay.

Mayroong hindi rehistradong botante subalit naninirahan sa barangay kaya masasabing kabilang pa rin sa listahan.

Ibig sabihin ay tukoy ng mga barangay ang bilang ng mga residenteng kanilang nasasakupan.

Hindi pare-pareho ang lawak o laki na sinasakop ng bawat barangay o ang kanilang populasyon.

Sa labas ng probinsiya ay mayroong mga lungsod na ang populasyon ng isang barangay ay halos katumbas sa populasyon ng isang maliit na bayan sa malalayong lalawigan.

Usap lang po, hindi kaya maaaring gawin na medyo magkakatulad lamang ang populasyon ng mga residente sa bawat barangay sa buong bansa?

Ibig sabihin ay halos hindi nagkakalayo ang bilang o dami ng mga nasa talaan.

Halimbawa po ay nasa hanggang limang libong populasyon lamang, example lang iyan ah.

Kung nadadagdagan at patuloy na tumataas ang bilang ay lumikha ng panibagong barangay.

Doon naman sa may malaki nang populasyon ay simulan o isagawa na ang mga panibagong barangay.

Ang punto lamang dito, kahit napakaraming talaan ng barangay ay mapapadali ang pagkontrol o pangangasiwa.

Kagaya sa kasalukuyang sitwasyon, mahirap para sa pamunuan ng isang barangay kung mayroon itong malawak na nasasakupan o mataas ang populasyon.

Mukhang hindi makakasapat ang bilang ng mga kagawad kasama na pati ang mga opisyal ng barangay para sa maayos na pamumuno o pangangasiwa.

Pasintabi po sa mga tserman at opisyal ng barangay na may mataas na populasyon subalit nagagampanan naman ang kanilang responsibilidad.

Ang pinupunto lamang natin sa 'uniformed barangay population' ay mas mapapadali ang response sa panahon ng katulad na krisis.

Tumugon ang gobyerno para sa kaukulang ayuda doon sa mga itinuturing na poorest of the poor na kung tutuusin ay hindi na sana ipinaubaya sa DSWD.

Kung mayroong maliit na bilang lamang ang bawat barangay ay mas maganda at mainam pa na roon na lamang ipinadaan ang tulong mula sa nasyonal na pamahalaan.

Pero mas epektibo kung hindi pera sa halip ay bigas o relief goods ang ibinahaging tulong.

Kumbaga ay barangay ang namahala sa ayuda pero dahil maliit ang populasyon ay madaling masisilip kung nagkaroon ng anomalya lalo at ipapaskil ito sa barangay hall at mga pampublikong lugar.

Computerized na po tayo kaya madali na ang pagsasakatuparan nito at isa pa ay nariyan ang social media.

Ang budget mula sa nasyonal ay ipagkakalob sa lahat ng mayor na nasa National Capital Region at sa mga gobernador ng bawat lalawigan.

Si Gobernador naman ay pupulungin ang kanyang mga alkalde.

Ang mga alkalde, sa NCR at lalawigan, ay pupulungin naman ang kanilang mga kapitan ng barangay.

Magiging maayos ang pamamahagi ng ayuda dahil magkakaroon ng sistema bunga ng maliit na populasyon ng bawat barangay.

Alam naman natin na nariyan ang banta o tawag ng korapsiyon.

Pero dahil maliit ang bilang o dami sa bawat barangay ay mapapadali ang pagsisiyasat.

Anyway, doon sa mga may reklamo sa kanilang mga barangay o maging sa alkalde at gobernador ay huwag mag-atubiling dumulog sa DILG basta tiyakin lamang na makatotohanan ang inyong sumbong.

Ulitin ko ,usap lang po natin iyon. Suhestiyon na baka naman maaaring paliitin ang bilang o populasyon sa bawat barangay.

# EDITORYAL

## Tuliro

**ANG tao nga naman sa kabila na humaharap sa krisis dulot ng epidemya ay nagagawa pang makapagbiro.**

**Bago pa man ang banta ng COVID-19 ay may ilan na idinadaan ito sa biro sa kanilang mga social media account.**

**Wall o facebook nila iyon kaya nasa kanila ang karapatan huwag lamang ang post ng fake news.**

**Sinasabing pagtapos ng Mayo 15 ay matatanaw na ang pagbabalik sa unti-unting normal na pamumuhay.**

**Kaya heto at laman na naman sa ilang post ang pagbibiro na itong si 'Judith' ay kapalit ng COVID-19.**

**'Judith' na ang pakahulugan ay due date sa mga kakaharaping maraming bayarin.**

**Ang idudulot ni 'Judith' ay ang labis na pagkakatuliro ng mas nakararami nating kababayan.**

**Tandaan lamang na kung si COVID-19 ay nalabanan, ito pa kayang si 'Judith' ay hindi malalagpasan.**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm


## DOH: Mga batang walang bakuna mas delikado sa COVID-19

**LUNGSOD CALOOCAN (PIA)** -- Muling pinaalalahanan ni Health Undersecretary Dr. Maria Rosario Vergeire ang mga magulang ng mga batang wala pang limang taong gulang na kumpletuhin ang kanilang mga angkop na bakuna upang hindi madaling mahawaan ng COVID-19.

"Mahalagang mabigyan ang mga bata ng angkop na bakuna upang hindi sila magkasakit. Dahil ang virus na COVID-19 ay mas madaling kumapit sa mga taong may sakit na," ani Vergeire sa virtual presser ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH) nitong Linggo.

Dagdag pa ng opisyal, ang imunisasyon na taglay ng bata kung wala pang mga bakuna ay kulang pa upang labanan ang iba't ibang sakit.

Aniya, naglatag ang Kagawaran ng ilang panuntunan sa pagbabakuna, sa ilalim ng DOH Memorandum 2020 0150 o "Interim Guidelines for Immunization Services in the context of COVID-19 Outbreak," sa gitna ng kinakaharap na health emergency situation ng bansa upang mabigyan proteksyon ang mga bata.

Ang pagbibigay ng "routine immunization" para sa mga bagong panganak na sanggol hanggang isang taong gulang, at "catch up vaccination" para sa mga batang hanggang limang taong gulang, ay kailangang naaayon sa national guidelines at mahalagang may mga gamit para sa "infection, prevention, and control" tuwing magbibigay ng bakuna, pagdidiin ng opisyal.

Sa mga pagkakataong hindi naman posible ang pagbabakuna, sinabi ng opisyal na maaaring pansamantalang suspendehin ang "routine immunization" subalit kinakailangang maglista ang mga health workers ng mga batang hindi nabakunahan at agad magsagawa ng "active catch up immunization" kapag ang sitwasyon ng COVID-19 ay maayos na.

Hinikayat din ni Vergeire ang mga pribadong klinika na ipagpatuloy ang pagbibigay bakuna alinsunod sa guidelines at mahigpit na sundin ipinatutupad na physical distancing.

Ayon naman kay DOH Usec. Myrna Cabotaje, Head ng DOH Public Health Services, napakahalaga ng pagbibigay ng mga angkop na bakuna dahil nagbibigay ito ng proteksyon laban sa pagkahawa at pagkamatay sa iba't ibang uri ng sakit.

Pagdidiin niya, paigtingin ang proteksyon sa mga bata para hindi makadagdag sa pambansang krisis pangkalusugan na meron ngayon.

Aniya, ang iba't ibang angkop na bakuna na ibinibigay sa mga bata ay ang: BCG, Hepa B, tatlong dose ng oral polio, pneumococcal vaccine, 5-in-one, IPV, at dalawang dose ng anti-measles.

Ito aniya ay libre sa mga health centers at rural health unit sa iba't ibang panig ng bansa. May bayad naman sa mga pribado ngunit may ibang nabibigyan ng DOH ng gamot kaya gastusing administratibo na lamang ang sinisingil.

Paalala ng opisyal, ang pagseseguro na nasa panahon at kumpleto ang mga naibigay na bakuna ay nakasaaad sa mga ibinibigay na "baby book" sa mga nanay. Nakasaad din sa baby book ang mga tamang pangangalaga sa mga bata.

Ang paalala ng DOH ay tugon ng pamahalaan sa panawagan ng United Nations International Children's Emergency Fund (UNICEF) para sa promosyon ng pagpapatuloy ng routine immunization sa bansa, sa harap ng pagtutok ng mga serbisyong pagkalusugan sa COVID-19 pandemic.

Ito'y kaugnay din ng pagdiriwang nitong linggo ng World Immunization Week na mula Abril 24-30. **(PIA NCR)**


HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
hanepppublication@yahoo.com



**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**



***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***
papi

# SEAFOOD KADIWA ON WHEELS,HATID AY SARIWANG ISDA SA ABOT KAYANG HALAGA

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)--Sariwang mga isda sa abot kayang halaga ang hatid ng Seafood KADIWA ni Ani at Kita on Wheels sa gitna ng enhance community quarantine (ECQ) na ipinapatupad hindi lamang sa CALABARZON kundi sa buong Luzon.**

Unang inilunsad ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Region 4A ang KADIWA on Wheels noong ika-16 ng Abril 2020 sa Community Fish Landing Center (CFLC) sa Barangay San Antonio, Bay, Laguna upang magkaroon ng sentrong pamilihan ang mamamayan at patuloy na maihatid ang mga serbisyon nauukol sa pangisdaan.

Ang Seafood KADIWA on Wheels sa CFLC ay pinamahalaan ng Bay Federation of Fisherfolk o BFF-Bay na siya ring namamahala sa pagpapatakbo ng CFLC. Ang grupo ay nakapagbenta ng 460 kilo ng mga isda: 150 kilo Tilapia, 250 kilo Bangus, 50 kilo Galunggong at 10 kilo Tinapa sa unang paglulunsad nito.

Ayon sa BFAR 4A, isang nakakatuwang pangyayari sa paglulunsad ng Seafood KADIWA on Wheels ay ang tuloy-tuloy na merkado sa CFLC ng Bay, Laguna. Sa kabuoan ang Seafood KADIWA on Wheels ay nakapagbenta sa CFLC ng 799 kilo ng mga isda mula April 16, 2020 hanggang April 23, 2020.

Kabilang sa mga isdang naibenta ng grupo ay: 140 kilo ng Tulingan, 250 kilo ng Bangus, 150 kilo ng Tilapia, 179 kilo ng Galunggong, 70 kilo ng Tinapang Tamban at 10 kilo ng tuyong Dilis.

Samantala, hindi lamang sa bayan ng Bay umarangkada ang Seafood KADIWA on Wheels, meron din nito sa San Luis, Batangas; Magallanes, Cavite; at nakatakda rin mag-ikot sa Antipolo City, Rizal.

Noong ika-21 ng Abril, ang Seafood KADIWA on Wheels ay nakapagbenta ng 75 kilo ng Bangus at 50 kilo ng Tilapia sa unang arangkada pa lang nito sa San Luis, Batangas. Ang Seafood KADIWA on Wheels ay iikot sa nasabing bayan tuwing araw ng Martes at Huwebes.

Ito ay muling naisakatuparan sa pamamagitan ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Region 4A-Post Harvest and Marketing Division (PHMD) at Provincial Fisheries Office (PFO) ng Batangas sa pakikipagtulungan sa Lokal na Pamahalaan ng San Luis, Batangas.

Dagdag pa rito, ang Seafood KADIWA on Wheels ay umikot sa Barangay Poblacion sa bayan ng Magallanes, Cavite, San Luis Batangas at sa Barangay San Antonio, Bay, Laguna noong ika-23 ng Abril.

Ang Seafood KADIWA on Wheels ay nakapagbenta ng 213 kilo ng Bangus, 193 kilo ng Tilapia sa Magallanes habang sa San Luis Batangas ay nakapagbenta naman ng 125 kilo ng Bangus at 100 kilo ng Tilapia.

Muli itong naisakatuparan sa pamamagitan ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Region 4A- Fisheries Post Harvest and Marketing Division (FPHMD) at Provincial Fisheries Office (PFO) ng Cavite, Batangas at Laguna sa pakikipagtulungan ng mga Lokal na Pamahalaan ng Magallanes, Cavite, San Luis, Batangas, at Bay, Laguna.

Sa kabuoan ang Seafood KADIWA on Wheels sa CALABARZON ay nakapagbenta na ng 3, 172.8 kilo ng isda mula April 16, 2020 hanggang April 23, 2020.

Ang Seafood KADIWA on Wheels ay nakatakdang magtungo sa covered court ng Barangay Abiaco, San Luis, Batangas sa Abril 28, simula alas-6 ng umaga at simula alas-6 hanggang alas-8:30 ng umaga sa covered court ng Habitat Village, Barangay San Jose, Antipolo City at sa covered court ng Barangay San Luis, Patnubay I & II, Antipolo City simula alas-9 hanggang alas-11:30 ng umaga.

Ito rin ay nakatakdang magtungo sa Magallanes municipal hall sa Abril 30, 2020 simula alas-6 ng umaga. **(CPGonzaga, PIA-4A at ulat mula sa BFAR 4A CALABARZON FB Page)**

# Courts in ECQ areas 'physically closed' till May 15: SC

**MANILA** – The Supreme Court (SC) has extended anew the courts' continued operation despite physical closure for the duration of the government's enhanced community quarantine (ECQ), which has been extended to May 15.

In an administrative circular dated April 27, Chief Justice Diosdado M. Peralta said all courts in areas under ECQ shall remain physically closed and may be reached only through their respective hotline numbers, email addresses, and/or Facebook accounts.

While the courts remain physically closed to all court-users in ECQ areas, they shall continue to operate from 9 a.m. to 3 p.m. on weekdays until May 15.

All electronic communications, however, must be transmitted by court-users from 8:30 a.m. to 2 p.m.

The online filing of criminal complaints and information, posting of bail, and submission of other urgent pleadings will continue to be in effect.

Likewise, the filing of petitions, appeals, complaints, motions, pleadings, and other court submissions that fall due up to May 15 in ECQ areas has been extended for 30 calendar days from May 16, but pleadings and other court submissions may still be filed by the parties within the reglementary period on or before May 15 through electronic means.

Meanwhile, the SC also issued an administrative circular announcing the pilot testing of hearings of criminal cases through videoconferencing.

The courts in the pilot testing will use Microsoft Teams software application for the proceedings during the public health emergency period.

It said the measure was needed in light of the reported infection of some persons deprived of liberty (PDLs) in different detention cells and the serious need to restrain the movement of clients, inmates, judges, and court personnel to further reduce the spread of the coronavirus disease 2019 (Covid-19). **(PNA)**

# BOC Marks Fuel Products amid COVID-19 Pandemic

COVID-19 brought along different work arrangements in the government: Work From Home and Skeleton Force for selected offices; normal operation for frontline offices.

Amidst the threat posed by this virus, the Bureau of Customs (BOC) and the Bureau of Internal Revenue (BIR) continue to mark large volume of imported and refined fuel products.

Based on the BOC data, the volume of petroleum products marked in all marking refineries and terminals nationwide has reached 7,041,752,018 liters from September 2019 to April 23, 2020. Luzon has the highest share of marked fuel volume at 75%, while Visayas has 5% and Mindanao at 20%.

Twenty oil companies in the country participated in the program. These include Pilipinas Shell Petroleum Corporation, Petron Corporation, Seaoil Philippines, Unioil Petroleum Philippines, Phoenix Petroleum Corporation, Chevron Philippines, Inc., Oilink International Bataan, Insular Oil Corporation, Total Philippines/Filoil, Jetti Petroleum, Inc., PTT Philippines Corp., Marubeni Corporation, Micro Dragon Petroleum Corporation, Warbucks Industries Corp., High Glory Subic International Logistics, ERA1 Petroleum Corporation, Golden Share Commerce and Trading, Inc., SL Gas, Jade Link Subic, Inc. and SL Harbor.

Fuel Marking Program is mandated by the Republic Act 10963 or the Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) law, wherein imported and refined fuel products for domestic consumption with proof of payment of duties and taxes will be marked with the official fuel marker.

BOC fuel marking operations will continue during the extended period of the community quarantine. **PR**

# Preso, dinedo ng kapwa preso

**HINDI** na nabuhay pa ang isang 35-anyos na bagong pasok pa lamang sa kulungan nang bugbugin ng kapwa nito preso sa loob ng kulungan sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas City, Cavite ang biktimang si Joey Bital, binata, ng Block 6 Lot 12 Phase 1, Villa Luisa, Brgy San Agustin 3, Dasmarinas City, habang kinilala ang ingusong suspek at kapwa nito preso na si Joel Barcelona.

Sa ulat ni PSSgt Gibert Santos, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas- 9:10 Martes ng umaga nang naganap ang insidente sa loob ng Dasmarinas City Custodial Center kung saan sa hindi nalamang kadahilanan ay walang sabi-sabing pinagbubugbog ng suspek ang biktima.

Dahil sa tinamong pinsala ng biktima ay nawalan ito ng malay at bumagsak sa sahig ng kulungan hanggang sa tumawag ng tulong ang mga kasamahan nilang preso sa Jail Officer na siyang humingi ng tulong sa Rescue Team subalit hindi makakarating kaya sa ibang Police Community Precinct sila tumawag na siyang nagdala sa biktima sa ospital subalit namatay din habang ginagamot.

Ang biktima ay inaresto at nakulong sa isang buy bust operation (RA 9165) nito lamang April 18 habang ang suspek ay nakulong noong nakaraang buwan dahil sa kasong paglabag sa Executive Order 10 Series 2020, Disobedience to an Agent of Person in Authority at RA 9165. **GENE ADSUARA**



**HINDI** garbage collector ang lalaking ito sa halip ay naghatid ng relief goods sa mga bahay-bahay sa isang subdivision sa Kawit, Cavite. Ito ang ikatlong ayuda mula sa lokal na pamahalaan ng Kawit. **J. BILLONES**



**DUMAONG** sa Manila Bay ang 7 Internationl Cruise Ships na nagbaba ng mga tripulanteng Pinoy kasama ang ibang overseas seafarer sa pamamagitan ng Philippine Coast Guard. **CHRISTIAN HERAMIS**

# AGRIKULTURA SA LAGUNA LAYONG PALAKASIN MATAPOS ANG ECQ

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA) – Layon ni Laguna Gov. Ramil L. Hernandez na palakasin ang agrikultura bilang bahagi ng rehabilitasyon kapag natapos na ang umiiral na Extended Enhanced Community Quarantine o ECQ.**

**Sa panayam kay Gov. Hernandez sa programang Laging Handa Network Briefing ng Presidential Communications Operations Office o PCOO na pinangungunahan ni Communications Secretary Martin Andanar, nabanggit niya na isa sa nais nilang pagtuunan ng pansin sa rehabilitasyon ng probinsya ng Laguna matapos ang ECQ ay ang pagpapabuti ng agrikultura.**

"Sa ngayon po naka-focus tayo sa present situation dito sa Laguna pero immediately after this part po ng plano natin talaga ay iyon pong rehabilitation po ng nagging epekto nitong crisis sa ating lalawigan at isa ng apo sa nais nating palakasin dyan ay iyong atin pong agrikultura," paliwanag ng Gobernador.

Aniya batid ng Pamahalaang Panlalawigan na may mga kasalukuyang proyekto na sa lalawigan ang DA subalit hiniling niya kay Sec. Dar na sa oras na malagpasan ang kasalukuyang sitwasyon ay mabigyang prayoridad ang Laguna para sa rehabilitasyon partikular sa aspekto ng agrikultura.

"Sana po ang Lalawigan ng Laguna bilang bahagi po ng Calabarzon na alam naman natin na pangalawa sa NCR na talagang lubhang tinamaan ng crisis ay ma-prioritize po na makapag-avail ng mga program po ng DA (Department of Agriculture)," pakiusap ni Gov. Hernandez.

Aniya nakikita ng Pamahalaang Lalawigan na lubhang maaapektuhan ang sektor ng turismo sa probinsya dahil sa pandemyang Coronavirus Disease o COVID 19, kaya naman bilang alternatibo ay plano nilang palakasin ang sektor ng agrikultura rito.

Dagdag pa ng gobernador, dahil sa dinaranas na krisis ay malaki ang posibilidad na magiging 'less priority' na ng mga tao ang mga akdibidad na may kinalaman sa turismo.

Bilang tugon, siniguro naman ni Sec. Dar na ang lahat ng mga rice farmer sa probinsya ay kasama sa mga tutulungan sa nalalapit na panahon ng tag-ulan.

"Saka palalakihin rin po natin ang vegetables and fruits production, tutulong po tayo diyan," pagsisiguro ng Agriculture Secretary.

Kanya namang hinikayat ang lahat na makiisa sa programang "Plant, Plant, Plant." Aniya "dapat involve lahat ng mamamayan para maitaas ang antas ng food security level ng bansa."

Ang "Plant, Plant, Plant Program" o "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Laban sa Covid-19" ay layong kumbinisihin ang mga mamamayan na magtanim ng sarili nilang pagkain para masiguro ang household food security. **(Joy Gabrido)**

# Pagsasanay sa pangangasiwa ng labi ng COVID-19 fatalities, isinagawa

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)-** Magkatuwang na nagsanay ang Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) at Batangas Provincial Department of Health Office (PDOHO) ukol sa tamang pangangasiwa ng labi ng isang pasyenteng namatay dahil sa COVID-19 sa PDRRMO Emergency Opertions Center, Brgy. Bolbok sa lungsod na ito noong ika-24 ng Abril.

May 17 accredited personnel ng isang funeral service provider na may ilang sangay sa lalawigan ng Batangas ang dumalo sa naturang pagsasanay na sang-ayon sa Department of the Interior and Local Government Memorandum 2020-063 at Joint Memorandum ng DOH at DILG Suppletory Guidelines.

Ang pagsasanay ay bahagi ng pagbibigay ng pamahalaang panlalawigan ng kapasidad upang matugunan ag Management of the Dead and Missing (MDM) cluster ng mga lokal na pamahalaan lalo na at humaharap ang lahat sa isang pandaigdigang krisis sa kalusugan.

Batay sa guidelines ang mga local government units (LGU) ang nataasang magtalaga ng naturang pasilidad at magbigay ng kasunduan sa pagitan ng LGU at Funeral Service Provider.

Naging bahagi ng pagsasanay ang pangkalahatang alituntunin tulad ng pagpapaalala na mas mainam ang pagsasagawa ng cremation at dapat ito ay maisagawa sa loob ng 12 oras pagkamatay. Maging ang paglilibing ay kinakailangang gawin ayon sa relihiyon o kaugalian ng namatayan.

Binigyang-paalala din ang mga sumailalim sa pagsasanay na kinakailangang gawing kumpidensyal ang impormasyon tungkol sa mga crematoriums at mortuaries na kinontrata para sa cremation at paglilibing ng labi. Ang lahat ng mga tauhan na humahawak ng labi ay dapat nakasuot ng Personal Protective Equipment (PPE) habang isinasagawa ang pangangasiwa sa labi ng namatay .

Kabilang din sa napagtalakayan ang paghahatid ng labi mula sa isolation area papunta sa sementeryo o crematorium, mga kinakailangan para sa cremation o libing at pagbalangkas ng mga protocols at mechanisms para sa maayos na koordinasyon sa pagitan ng local MDM clusters, DOH at ospital.

Patuloy ang isinasagawang pagsasanay para sa lahat ng accredited funeral service provider personnel ng iba't-ibang bayan at lungsod sa lalawigan. Ngayong araw ay isinasagawa ang ikalawang batch ng pagsasanay. **(BHABY P. DE CASTRO-PIA Batangas with reports from Batangas PIO Province)**

# BatStateU's LIKHA donates 3D printed face shields to DTI 4A

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)**--The Labspace for Innovation, Knowledge-Honing and Application (LIKHA) Fabrication Laboratory of the Batangas State University donated 100 3D printed face shields for the use of the skeletal workforce of the Department of Trade and Industry Region 4-A.

"We express our deep gratitude to the Batangas State University LIKHA Fab Lab for their kindness, generosity, and support to our frontline workers. This will surely help us in performing our duties safely amid the COVID-19 pandemic. The commendable effort and initiative are very much appreciated," DTI CALABARZON Director Marilou Q. Toledo said.

Established on December 27, 2018, the LIKHA Fab Lab is a Shared Service Facility (SSF) funded by the DTI 4-A.

Business enterprises engaged in top industries in the region as furniture-related processes and electronics, can converge with modelers/designers to create and develop models/designs, and make prototypes for mass production in the SSF.

Currently, the LIKHA Fab Lab team fabricates using 3D printers and vacuum forming machine. With the production of the face shields using the vacuum forming process, they are now able to reduce the time of fabrication to 6 minutes per face shield as compared to the 3D printing process that takes an hour and 42 minutes. This process makes use of a 3D-printed mold, a vacuum forming machine, acetate films, staplers, cutters, scissors, and garters.

To continue developing face shields for our frontline workers, the team is presently in need of additional materials. For donations, you may contact Engr. Albertson Amante at 0917 562 0916 and Engr. Louie Villaverde at 0921 737 6341. **(CPG, PIA-4A/DTI 4-A)**

# BOC On-Track to Becoming ISO Certified

**SINCE** the creation of the Interim Quality Management System Office (IQMSO) on the 16th of May 2019, the office was able to audit the Office of the Commissioner (OCOM) and 11 Collection Districts including their Sub Ports.

The audits are part of the Bureau's effort along with undergoing ISO certification to become a modernized and world-class organization, with the Port of Batangas having achieved such feat back in August 2019 and set to undergo Surveillance Audit later this year.

With the on-going effort of the IQMSO and everyone else in the Bureau of Customs, the Sub Ports of Dumaguete and Mactan are set to undergo ISO Certification Audit in the coming months to be followed by the OCOM, Port of Davao, Sub Port of Iligan, Port of Clark and the Port of Manila before the year ends.

This will be a continuing effort with the Ports of Legaspi and Tacloban slated to undergo the same process next year as the agency further boost its services, systems and processes for the benefit of its stakeholders.

With this, the BOC will be a step closer in rebuilding its integrity and gaining public trust and confidence.

# PhilHeath extends premium payment to May 31

**DAGUPAN CITY (PIA)** - The Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) has issued a moratorium on contribution payments for the applicable months from February to April 2020.

In the Kapihan sa Pangasinan program of the Philippine Information Agency, Joseph Manuel, regional information officer of PhilHealth, said payment of premiums for these particular months shall be extended until May 31, 2020 without interest to all direct contributors, as per PhilHealth Advisory 2020-027.

"Dahil nga po sa ipinapatupad na enhanced community quarantine at pakikiisa sa Bayanihan Heal as One Act, ang pagbayad po ng contribution ng lahat ng direct contributors sa applicable months ay mae-extend hanggang sa katapusan ng Mayo," Manuel said.

By direct contributors, Manuel said these include the employed sector, whether private and public, self-earning individuals who voluntarily pay their contributions, and all members who have the capacity to pay and contribute.

"PhilHealth remains one with the whole nation in ensuring the health and safety of the public, kaya huwag muna mag-worry kung hindi muna makapagbayad dahil extended naman ito at walang interes," he explained.

Manuel appealed to employers implementing a skeletal workforce arrangement to ensure that employees with no earnings are properly reported using the RF-1 form. Those who have temporarily stopped operations, however, are required to submit an electronic copy of a properly accomplished ER-3 form to their respective account officer.

He added that PhilHealth will also pay for all the medical expenses, including professional fees for patients confined due to coronavirus disease (probable and confirmed case) who were admitted in private or public hospitals from February 1 to April 14, 2020. For those confined from April 15 onwards, PhilHealth will continue to pay according to the prescribed health package. **(JCR/JND/VHS, PIA Pangasinan)**



**BOUNDARY** ng Noveleta at Kawit sa Cavite ang barikadang ito na makikitang binabantayan ng kapulisan. **RS**

# SM CENTER IMUS DONATES KALINGA PACKS THROUGH SMFI OPERATION TULONG EXPRESS




Ms.Marnelle Sumilong, Mall Manager of SM Center Imus, heading the turnover of Kalinga Packs to two Barangays.







**SM CENTER IMUS, CAVITE – To assist the families in its neighboring community, SM Center Imus turned over a total of one hundred forty-five (145) relief packs during their SMFI Operation Tulong Express. Fifty (50) packs were turned over to Malagasang 1C Barangay Officials while ninety-five (95) packs were turned over to Alapan 1C Barangay Front liners for distribution to the community.**

Since the proclamation of the Enhanced Community Quarantine in Luzon, families from the poor sector in different areas especially in Cavite, were provided help from their local government through relief pack distribution. Despite this, their food supplies are still lacking especially because of displaced workers and those with no work no pay jobs. This initiative from SMFI Operation Tulong Express is indeed helpful to these families.

# SMFI OPERATIONS TULONG EXPRESS DONATES KALINGA PACKS IN BACOOR, CAVITE




Mr.Ben Ali Tolentino, SM City Bacoor's Assistant Mall Manager while turning over Kalinga Packs to Officials of Brgy. Habay 2, Bacoor ,Cavite

**SM CITY BACOOR, CAVITE –** SM City Bacoor and SM City Molino turned over a total of 200 Kalinga Packs which consist of rice, canned goods, noodles, bottled water and ready - to - eat meals during their SMFI Operation Tulong Express. Barangay Officials from Barangay Habay 2, Bacoor City personally picked up the relief goods from SM City Bacoor. Two hundred (200) families were given aid during the distribution which aims to assist the families in the area through providing essential supplies during the Enhanced Community Quarantine Period in Luzon.

# HEALTHY HOME-WORKS FROM SM HOME



Wash and dry vegetables thoroughly with this Gondol Vega Salad Spinner.

With most of us homebound these days, it's the best time to start good health habits by preparing nutritious meals for the family, and creating a wellness based lifestyle whose benefits we will enjoy beyond the quarantine. It's also the best time to rediscover the simple joys life and of doing things together.



Prepare hearty meals with this bake dish known for its oven to table convenience.

SM Home, the one-stop shop for all of your home essentials, shares with us some healthy home-works from UN's Food and Agriculture Organization in maintaining a healthy lifestyle:

1. Prepare a Weekly Meal Plan and make a shopping list of items you need before you go to the store for your routine shopping. Create the list from the meal plan and include back up ingredients on your list in case your first choice is out of stock. Limit the list on buying the essentials.

